

DIABLO WATER DISTRICT

REGULASYON BLG. 7

MGA KONDISYON NG SERBISYO SA TUBIG

Seksyon 1. Serbisyo sa Ilalim ng mga Regulasyon ng Distrito

Ang serbisyo sa tubig ay dapat ipagkaloob ng Distrito nang naayon sa mga regulasyon ng Distrito sa pana-panahon na pinagtibay o sinusugan ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito. Sa pamamagitan ng pag-a-aplay para sa o pagtanggap ng serbisyo sa tubig mula sa Distrito, ang bawat aplikante o customer ay may tipanan at sumasang-ayon na maitali sa at sumunod sa lahat ng mga regulasyon ng Distrito sa pana-panahon nang may bisa.

Seksyon 2. Mga Bagong Serbisyo

Walang bagong serbisyo sa tubig ang dapat ikonekta sa sistema ng Distrito sa distribusyon ng tubig maliban kung matugunan ang mga sumusunod na kondisyon :

- (a) Ang lupaing seserbisyuhan ay nasa loob ng teritoryo ng korporasyon ng Distrito.
- (b) Tangi at Tiyak na tinutukoy ng Distrito na ang paglilinis ng tubig nito, mga pasilidad sa pag-iimbak at distribusyon, kabilang, na walang limitasyon, mga reserba, main looping at mga bomba ng tubig, ay may sapat na istruktura, lokasyon at kapasidad na permanenteng magbigay ng ligtas, maaasahan at sapat na pagtustos ng tubig sa lupaing seserbisyuhan. Sa pagtutukoy sa pagiging sapat ng mga umiiral na pasilidad ay maaaring

isaalang-alang ng Distrito ang anumang katotohanan o kalagayan na itinuturing nitong may kaugnayan kabilang ang, na walang limitasyon, mga kinakailangan tubig sa hinaharap ng lahat ng lupaing pagsisilbihan sa pamamagitan ng mga pasilidad, daloy na kinakailangan para sugpuin ang apoy, at ang magiging epekto ng bagong serbisyo sa mga kasalukuyang customer ng Distrito.

(c) May pangunahing sapat na kapasidad at presyon ng tubig ang Distrito sa pampublikong lansangan o nakasisiyang kaginhawahan sa Distrito na karatig ng lupaing seserbisyuhan.

(d) Nag-aplay ang customer para sa serbisyo sa tubig at binayaran ang mga singil na inilaan sa Regulasyon Blg. 3. Ang mga aplikasyon para sa bagong serbisyo ay susuportahan ng gayong mga datos na makatwirang hinihingi ng Distrito at aaprubahan ng Punong Tagapamahala, kabilang ngunit hindi limitado sa:

- 1) mapa o legal na deskripsyon ng ari-ariang seserbisyuhan;
- 2) araw ng negosyo kung kailan uumpisahan ang serbisyo;
- 3) pangalan ng billing at adres sa pagpapadala ng sulat ng aplikante at/o kasamang-aplikante;
- 4) lisensya sa pagmamaneho o numero ng pagkakakilanlan sa buwis (tax identification number);
- 5) petsa ng kapanganakan (para sa mga customer na hindi pangnegosyo);
- 6) numero ng telepono na maaaring tawagan;
- 7) kung ang aplikante ba ay ang may-ari, tagapamahala ng ari-arian o nangungupahan sa ari-arian;
- 8) impormasyon tungkol sa deposito; at

- 9) lagda ng pangunahing aplikante na siyang mananagot sa pagbabayad sa mga bayarin, singil at rate ng Distrito.
- (e) Ang lahat ng mga linya ng serbisyo ay dapat ikabit nang naaayon sa mga pamantayang espesipikasyon ng Distrito.
- (f) Kung ang adres ng serbisyo ay pagmamay-ari ng bangko, ang Kasunduan sa Pagpapanatili ng Serbisyo sa Tubig

para sa mga Tahanang Pag-aari ng Bangko ay dapat kumpletuhin ng bangko o ng taong may kontrata sa bangko upang maging kinatawan sa pagbebenta ng ari-arian. Dapat paunang bayaran ang deposito gamit ang cashier's check, cash, credit card o money order. Ang mga Kasunduan sa Pagpapanatili ng Serbisyo sa Tubig para sa bagong serbisyo ay dapat suportado ng gayong datos habang dapat makatwirang hingin ng Distrito at inaaprubahan ng Punong Tagapamahala, kabilang ngunit hindi limitado sa:

- 1) mapa o legal na deskripsyon ng ari-ariang seserbisyuhan;
- 2) pangalan ng billing, pangalan ng kompanya at pangalan ng tatawagan;
- 3) numero ng telepono na maaaring tawagan;
- 4) adres sa pagpapadala ng sulat para sa billing;
- 5) araw ng negosyo kung kailan uumpisahan ang serbisyo; at
- 6) lagda ng aplikante na siyang mananagot sa pagbabayad sa mga bayarin, singil at rate ng Distrito.

Seksyon 3. Mga Ekstensiyon at Pagpapalaki ng mga Pasilidad ng Distrito

(a) Ang disenyo, laki at lokasyon ng lahat ng mga pasilidad n kinakailangan upang matugunan ang kondisyon sa mga talatang (b) at (c) ng Seksyon 2 nito ay tiyak at tanging tutukuyin ng Distrito na isinasaalang-alang ang gayong mga salik gaya ng inaasahan sa paggamit ng lupain sa hinaharap at mga kinakailangang tubig sa buong lugar na maaaring matustusan nang matipid ng mga pasilidad at kanais-nais na mga main looping upang makapagbigay ng maramihang pinagkukunan ng tubig at maramihang ruta upang madala

ang tubig sa gagamit. Ang mga main ay dapat umabot sa dulo ng bagong kalye ng lansangan kapag ang gayong ekstensiyon ay hiningi ng County o ng lungsod.

(b) Ang lahat ng mga ekstensiyon at pagpapalaki ng mga pasilidad ng Distrito ay dapat itayo nang naayon sa mga plano at espesipikasyong inaprubahan sa pamamagitan ng liham ng punong tagapamahala o inhinyero ng Distrito bago ang pagsisimula ng konstuksyon.

Seksyon 4. Hindi Pananagutan ng Distrito

Magsasagawa ng makatwirang pag-iingat at pagsisikap ang Distrito upang makapaghatid ng tuloy-tuloy at sapat na tubig sa mga customer nito sa ilalim ng wastong presyon sa metro. Gayunpaman, ang Distrito, ay hindi, mananagot para sa anumang pagkawala, pagkasira at abala sa sinumang tao dahil sa kakapusan, kakulangan, at suspensiyon o diskoneksyon ng serbisyo sa tubig o pagtaas at pagbaba ng presyon ng tubig, kapag ang gayon ay dulot ng gawa ng Kalikasan, at hindi maiiwasang aksidente, pagkagambala o kondisyon na anumang uri na wala sa makatwirang kontrol ng Distrito, o kapag ang gayon ay talagang kinakailangang ayusin, mentenahin, pagpapalit o ekstensiyon ng alinman sa mga pasilidad ng Distrito.

Seksyon 5. Pananagutan ng Customer sa Naihatid na Tubig

Ang titulo sa tubig na ipinagkaloob ng Distrito, ang panganib ng pagkawala niyaon at buong pananagutan para sa pagdadala, paghawak, pag-iimbak at paggamit niyaon ay dapat dumaan sa Distrito patungo sa gumagamit ng tubig mula sa outlet ng metro ng

Distrito, sa balbula ng pagkontrol sa fire hydrant o sa labasan ng check valve assembly.

Seksyon 6. Access sa at Hindi Pagharang sa mga Pasilidad

a) Sa pag-aaplay o pagtanggap ng serbisyo sa tubig mula sa Distrito, hindi mababago at pinapayagan ng bawat customer ang Distrito at ang mga awtorisadong empleyado at ahente na pumasok sa ari-arian ng customer sa makatwirang mga pagkakataon para sa layunin ng pagbabasa, pag-inspeksiyon, pagsubok, pagsusuri, pag-aayos at pagmimintina, o pagpapalit sa mga metro ng Distrito, balbula at mga aparato upang maiwasan ang backflow, at iba pang mga pasilidad ng Distrito sa o karatig ng ari-arian ng customer.

b) Kung ang pagharang sa metro o ibang pasilidad ng Distrito doon o sa karatig na ari-arian ng customer ay nakakasagabal sa pagbabasa o pagseserbisyo sa pasilidad, maaaring magpadala ng liham na abiso ang Distrito sa ari-ariang siniserbisyuhan, o sa adres ng billing sa serbisyo sa ari-arian, upang tanggalin ang harang sa loob ng nakasaan na bilang ng araw na hindi bababa sa sampu. Kung hindi iyon magawa ng customer, maaaring tanggalin ng Distrito ang harang at ang halaga at nagastos, kabilang ang overhead, ay sisingilin sa customer.

c) Seksyon 7. Pagkagambala sa Serbisyo

Reserbado sa Distrito ang karapatan sa anuman at lahat ng oras na patayin ang paghahatid ng tubig para sa layunin ng pagmimintina, pagsasa-ayos at pagbabago sa sistema nito. Sa tuwing posible, ang paunang abiso sa pagkagambala sa serbisyo ay ibibigay sa lahat

ng user na apektado.

Seksyon 8. Pagpuputol ng Distrito sa Serbisyo

(a) Mga dahilan sa pagpuputol Reserbado sa Distrito ang karapatang putulin ang anumang linya ng serbisyo o ibang koneksyon sa sistema nito ng distribusyon ng tubig para sa alinman sa mga sumusunod na dahilan: Nalaman ng opisyal sa kalusugan ng Distrito o ng Estado o County na may umiiral na kondisyong mapanganib sa kalusugan o kaligtasan ng customer o sinumang user ng tubig sa Distrito;

- (1) Hindi natugunan ng customer ang alinman sa Regulasyon ng Distrito;
- (2) Naipagkaloob ng serbisyo nang walang maayos na aplikasyon o nasa ilalim ng mali o mapanlinlang na aplikasyon;
- (3) May ebidensiya ng labag sa batas na pakikialam o panghihimasok ng customer sa mga pasilidad ng Distrito;
- (4) Kung matapos ang imbestigasyon, nalaman ng State Water Resources Control Board, California Department of Water Resources o ng Distrito na ang ipinagkaloob na tubig sa pamamagitan ng koneksyon ay sinasayang o ang paggamit o paraan ng paggamit ng tubig ay hindi makatwiran;
- (5) Kung hindi magawa ng customer, matapos hilingin ng Distrito, na tanggalin ang anumang harang na nakakasagabal sa pagbabasa sa metro ng customer;

(6) Hindi nabayaran ng customer ang anumang bill para sa anumang rate o singil na babayaran sa Distrito sa loob ng 60 araw pagkatapos ang petsa ng bill.

(b) Oras ng Diskoneksyon

(1) Walang paunang abiso na kailangang ibigay kung ang layunin ng diskoneksyon ay upang tanggalin o pigilan ang panganib sa kalusugan o kaligtasan.

(2) Para sa mga pantahanang customer na wala sa kasunduan sa amortisasyon, hindi bababa sa 7 araw bago ang diskoneksyon sa serbisyo, dapat magbigay ang Distrito ng paunang abiso sa customer sa pamamagitan ng telepono o sulat tungkol sa balak na gawin iyon, ng dahilan para doon.

(3) Para sa mga customer na nasa kasunduan sa amortisasyon na hindi nakasunod sa kasunduan o hindi nakabayad sa kanilang kasalukuyang bill, ang diskoneksyon ng serbisyo ay hindi bababa sa 5 araw ng negosyo pagkatapos na ang huling abiso ng hangarin na putulin ang serbisyo ay naipaskil sa isang prominente at kitang-kitang lokasyon sa ari-arian.

(c) Mga Wika ng Abiso sa Diskoneksyon

(1) Ang abiso sa diskoneksyon ng serbisyo sa residensyal para sa hindi pagbabayad ay makukuha sa Ingles, mga wikang nakalista sa Seksyon

1632 ng Kodigo Sibil, at anumang ibang wika na sinasalita ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng taong naninirahan sa lugar na siniserbisuhan ng Distrito.

(d) Abiso sa Diskoneksyon

- (1) Aalukin ang customer ng nasusulat na patakaran ng Distrito (ang Regulasyong ito) sa diskoneksyon ng serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad at mga opyon para maiwasan ang diskoneksyon ng serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad, kabilang, ngunit hindi limitado sa: mga iskedyul ng alternatibong pagbabayad, pagpapaliban sa pagbabayad, minimum na pagbabayad, proseso para sa paghiling ng amortisasyon sa hindi bayad na balanse, at petisyon para suriin at umapela sa bill.
- (2) Ipapadala sa pamamagitan ng sulat sa tirahan ng customer ang liham na abiso para sa delinkuwenteng pagbabayad at ang nalalapit na diskoneksyon kung saan ibinibigay ang serbisyo sa residensyal. Kung ang adres ng customer ay hindi ang adres ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo sa residensyal, ang abiso ay ipapadala rin sa adres ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo sa residensyal, na naka-adres sa “Nakatira.” Kasama sa abiso, ngunit hindi limitado sa, ang lahat ng sumusunod na ipormasyon sa malinaw at nababasang format:

- Pangalan at adres ng customer.
 - Halaga ng delinkuwensya.
 - Petsa kung kailan ang pagbabayad o kailang kinakailangan ang kasunduan sa pagbabayad upang maiwasan ang diskoneksyon ng serbisyo sa residensyal.
 - Paglalarawan sa proseso upang ilapat ang pagpapahaba ng oras para bayaran ang mga singil sa delinkuwente.
 - Paglalarawan ng paraan ng petisyon para sa pagrepaso ng bill at apela.
 - Paglalarawan ng proseso kung saan maaaring humiling ang customer ng ipinagpaliban, binawasan, kahalili o iskedyul ng alternatibong pagbabayad, kabilang ang amortisasyon sa delinkuwenteng pagsingil sa serbisyo sa residensyal.
 - Paglalarawan kung paano hilingin ang rekoneksyon kung sakaling putulin ang serbisyo.
- (3) Kung hindi matawagan ang customer o ang adultong nakatira sa bahay sa pamamagitan ng telepono, at ang liham na abiso ay ibinalik sa pamamagitan ng liham bilang hindi naihatid, magsasagawa ang Lungsod sa kagandahang-loob na pagsisikap upang bisitahin ang tirahan at iwanan ng abiso ng napipintong pagputol sa serbisyo sa residensiyal dahil sa

hindi pagbabayad at ang patakaran ng urban at komunidad sa sistema sa tubig para sa diskoneksyon ng serbisyo sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad.

- (4) Kapag umapela sa bayarin sa tubig ang adulto sa tirahan, sa pamamagitan ng makukuhang form sa pag-apela sa Distrito, hindi puputulin ang serbisyo sa residensyal habang nakabinbin ang apela.

(e) Mga Limitasyon sa Diskoneksyon

Hindi itutuloy ang diskoneksyon ng serbisyo sa tubig sa residensyal dahil sa hindi pagbabayad kung ang **lahat** ng sumusunod na kundisyon ay natugunan:

- (1) Ang customer, o nangungupahan sa customer, ay nagsumite sa Lungsod, ng sertipikasyon ng pangunahing provider sa pangangalaga, na ang diskoneksyon ng serbisyo sa tubig sa residensyal ay nagbabanta sa buhay, o nagmumungkahi ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente sa lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo sa residensyal.
- (2) Ang customer ay nagpapakita na wala siyang kakayahang pinansiyal para bayaran ang serbisyo sa residensyal sa loob ng normal na siklo ng billing sa urban at komunidad. Ituturing ng walang kakayahang pinansiyal ang customer para bayaran ang ang serbisyo sa residensyal

sa loob ng normal na siklo ng billing sa urban at komunidad kapag ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Dagdag na Kitang Panseguridad/Programang Dagdag na Bayad ng Estado, o Programang Espesyal na Dagdag na Nutrisyon ng California para sa Kababaihan, mga Sanggol, at mga Bata, o ipinahayag ng customer sa pamamagitan ng liham, sa form na ibinigay ng Distrito, na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng antas ng kahirapan ng pederal.

- (3) Nakahanda ang customer na pumasok sa kasunduan sa amortisasyon (hindi lalampas sa 12 buwan)
 - Maaaring ialok ang alternatibong pagbabayad o binawasang pagbabayad sa sariling pagpapasya ng Distrito.

(f) Muling Pagkakabit ng Serbisyo sa Tubig

- (1) Ang mga customer na residensyal na may taunang kita na mas mababa sa 200 porsiyento ng antas ng kahirapan ng pederal (*sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Dagdag na Kitang Panseguridad/Programang Dagdag na Bayad ng Estado, o Programang Espesyal na Dagdag na Nutrisyon ng California para sa*

Kababaihan, mga Sanggol, at mga Bata, o ipinahayag ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng antas ng kahirapan ng pederal), ay awtomatikong karapat-dapat para sa parehong sumusunod na mga diskwento:

- Ang bayarin para sa serbisyo sa rekoneksyon sa panahon ng normal na oras ng opisina ay hindi lalampas sa limampung dolyar (50), o ang aktwal na halaga ng rekoneksyon kung mas mababa.
- Para sa rekoneksyon sa serbisyo sa residensyal sa panahon na walang opisina, ang bayarin ay dapat itakda sa isandaan at limampung dolyar (\$150), ngunit hindi dapat lumampas sa aktwal na halaga ng rekoneksyon kung mas mababa.
- Waive interest charges on delinquent bills once every 12 months.

(g) Diskoneksyon na Kinasasangkutan ng mga May-ari at Nangungupahan

- (1) Kapag inabisuhan ang Lungsod bago ang pagsasara na ang nangungupahang residente na legal na nakatira, magsasagawa ang Distrito sa kagandahang-loob na pagsisikap upang ipaalam sa mga residenteng nakatira, sa pamamagitan ng liham na abiso, kapag ang account ay may natitirang bayarin ng hindi bababa sa 10 araw bago ang pagpuputol. Higit na ipapaalam ng liham na abiso sa mga residenteng nakatira na may karapatan sila na maging mga customer, kung kanino

ibi-bill ang serbisyo, na hindi kinakailangang bayaran ang anumang halaga ng pagbabayad sa delingkuwenteng account.

- Sa sandaling maabisuhan sa kaugnayan, magbibigay ng abiso sa pagpuputol ang Distrito ng hindi bababa sa pitong araw bago ang itinakdang pagpuputol
- (2) Makukuha lamang sa Distrito ang serbisyo ng mga residenteng nakatira kapag sumang-ayon sa mga termino at kondisyon ang bawat residenteng naninirahan at natugunan ang lahat ng mga kinakailangan ng Distrito upang itatag ang serbisyo sa tubig.
 - (3) Sa residensyal na ari-arian na maraming pamilya, kapag ang isa o higit sa mga residenteng naninirahan ay legal na handa at kayang gampanan ang responsibilidad para sa mga susunod na singilin sa account at sang-ayon na tugunan ang lahat ng iba pang mga kinakailangan upang maitatag ang serbisyo sa tubig, ipagkakaloob ang serbisyo sa tubig.
 - (4) Upang alisin ang halagang sisingilin sa delingkuwenteng account, dapat beripikahin ng nakatira na naging customer na ang delingkuwenteng account sa rekord ng customer ay o ang may-ari, manedyer, o agent ng tinitirahan. Maaaring kabilang sa beripikasyon, ngunit hindi limitado sa, pagpapaupa o kasunduan sa pag-arkila, mga resibo sa renta, dokumento sa gobyerno na nagpapakitang ang nakatira ay umuupa sa ari-arian, o

impormasyong ipinahayag alinsunod sa seksyon 1962 ng Kodigo Sibil.

(h) Pag-uulat sa Diskoneksyon

(1) Taon-taon, ang ulat na nagpapakita sa bilang ng taunang diskoneksyon ng serbisyo sa residensyal dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad ay ipapaskil sa website ng Distrito.

(2) Makakatanggap din ng ulat ang Lupon.

Seksyon 9. Lugar ng Paggamit ng Tubig; Ipinagbabawal ang Muling Pagbebenta

Maliban sa paunang liham na pahintulot ng Distrito, walang customer ang dapat gumamit, o pinapayagang gumamit ng, alinmang tubig na ipinagkaloob ng Distrito sa alinmang lugar maliban sa tinukoy sa kanyang aplikasyon para sa serbisyo, o walang sinumang customer ang dapat magbentang muli ng tubig na ipinagkaloob ng Distrito.

Seksyon 10. Mga Linya ng Kuryente

Hindi dapat maglinya ng kuryente sa mga pasilidad ng Distrito o sa alinmang tubo o metal sa kalapit nito. Sinumang magsagawa, o pinahintulutang magsagawa, ng gayong koneksyon ay mananagot para sa mga pinsala sa mga pasilidad ng Distrito at sa personal na pinsalang nagresulta mula rito.

Seksyon 11. Pagtatanggal ng Serbisyo sa Hiling ng Customer

Ang customer na may pananagutan sa bill ng tubig ay dapat magsumite ng aplikasyon na Kahilingang Isara ang Account sa Tubig upang tanggalin ang kanilang serbisyo. May pananagutan ang customer sa lahat ng singil na natanggap simula sa unang

araw ng negosyo na matanggap at iproseso ng Diablo Water District ang aplikasyon na Kahilingang Isara ang Account sa Tubig. Ang aplikasyon na Kahilingang Isara ang Account sa Tubig upang tanggalin ang serbisyo ay dapat suportado ng gayong datos na maaaring makatwirang hingin at inaprubahan ng Punong Tagapamahala, kabilang ngunit hindi limitado sa:

- 1) hiniling na petsa ng pagtatanggal sa araw ng negosyo;
- 2) pangalan ng billing sa account;
- 3) adres ng serbisyong tatanggalin;
- 4) ang pangalan ng taong humihiling na tanggalin ang serbisyo;
- 5) numero ng telepono na matatawagan;
- 6) petsa ng kapanganakan ng taong humihiling na tanggalin ang serbisyo;
- 7) ang huling apat (4) na numero ng social security o numero ng lisensya sa pagmamaneho ng taong humihiling na tanggalin ang serbisyo;
- 8) adres sa pagpapasa; at
- 9) ang lagda at petsa ng taong humihiling na tanggalin ang serbisyo.